# 1

"Mom, I want my footlong… now na!"

Napahinto sa paglabas ng bahay si Brigitte Marie Geronimo, or Brim for short.

"Mom!" tawag uli ng pitong taong gulang na si Eulaine.

Napabuntong-hininga siya sa pagpipigil ng inis at bumalik sa sala.

"Stop it, Euls." Iyon ang tawag niya sa anak, sa bigkas na 'Yuls.' "Nakakatulig ang iyak mo. Stop it. 'Andito naman si Yaya Kris. Siya na lang ang magluluto ng footlong mo, okay? Mommy will be late for work if I cook your food." Ang matandang katulong at yaya ng dalawang bata ang tinutukoy niya. Kristeta ang buong pangalan ng mahigit cincuenta y años na matanda pero mas gusto niyang tawagin itong 'Kris' kaysa Teta.

"Ayoko sa kanya! Sinusunog niya ang hotdog ko, eh. Hindi siya marunong magluto!"

Sinikap niyang manatiling mahinahon. "Honey, minsan lang nasunog ni Yaya ang hotdog, okay?

Bago pa lang siya noon dito. Marunong na siyang magluto ngayon. Please, baby, siya na lang, ha? Male-late na talaga ang Mommy sa work.

"Sige ka, pag na-late ako, magagalit sa akin ang client ko. Pag nagalit 'yon, hindi na niya kukunin ang service ni Mommy. Pag nangyari 'yon, mawawalan ako ng work at mauubusan na rin tayo ng money. Hindi na kita maibibili ng maraming footlong. Do you like that to happen?"

Biglang natigil sa pagnguyngoy ang bata. "Sige na nga."

Ngumiti si Brim. "That's my girl. Give Mommy a kiss now." Hinalikan siya ni Eulaine sa pisngi. Binalingan niya ang matandang katulong na nakatayo sa isang tabi. "O, Manang Kris… kayo na ho ang bahala sa mga bata, ha?"

"Sige, ineng," sang-ayon nito. "Ako na ang bahala rito. Hala, lumakad ka na."

"Don't forget, Manang," paalala niya sa kasambahay nang nasa loob na siya ng kotse, "nakasulat rin sa papel ang cell number ko at address ng pupuntahan ko ngayon. Pero huwag kayong tatawag unless emergency talaga, ha?"

Tumango ito at binuksan ang gate na bakal para

makalabas ang kotse niya.

---

Mag-a-alas-nueve na ay nasa gitna pa rin ng traffic si Brim. Narinig niya sa nagtitinda ng sigarilyo na may nagkabanggaang taxi at bus sa kahabaan ng EDSA.

Eksaktong alas nueve ang appointment niya sa *Nuestra Señora Chemical Industry*, a manufacturer and dealer of household insecticides and detergent soaps.

Bago pa lamang ang naturang mga produkto, ngunit ang kompanya ay kilala na sa mga sikat na produkto nitong pampaganda tulad ng beauty soaps at lotion.

Halos himatayin siya sa tuwa nang ibalita ng nag-iisa niyang tauhan na si Melinda na tumawag ang *Nuestra Señora Chem* para sa quotation at sample na lakas-loob niyang ipinadala sa website ng kompanya sa internet. Interesado ito sa services ng kanyang advertising company niya.

Ang totoo, hindi na bago ang *Double E Advertising Company* ni Brim. Minana lamang niya ito sa ama. Ngunit hindi niya nagawang pantayan ang galing nito sa pagpapatakbo ng negosyo. Sa halip na

lumago ay tila lalong papalubog ito ngayon.

But Brim was a fighter. Hindi niya basta isusuko ang mga naiwang alaala ng mga nawalang mahal sa buhay.

Kaya kahit hirap ay pinipilit pa rin niyang maitaguyod iyon.

Ang masaklap lamang, kinailangan niyang tanggalin ang mga tauhang dati nang nagtatrabaho sa kanila at ang natira nga ay si Melinda na sekretarya pa ng ama. Matandang dalaga ito at hirap nang makahanap ng ibang trabaho kaya marahil nanatili na lamang na naglilingkod sa kanya.

Ipinagpasalamat niya na hindi kasamang naipagbili ang may two hundred fifty square meters na lupaing kinatitirikan ng dalawang palapag na bahay nila, noong nagkasakit ng cancer ang kanyang ina. Doon kasi nakatayo ang kanyang opisina. Nasa harapan iyon ng main house.

Napabuntong-hininga si Brim. She felt the pain again as if it only happened yesterday.

*Oh, I wish you're here, Mama, Papa. P-parang hindi ko na kaya. Nahihirapan na ako…*

Minsan pa ay napalunok siya para matanggal

ang tila barang nagpapasakit sa kanyang lalamunan.

---

Pinaghintay muna ng sekretarya sa waiting area si Brim. Naroon siya sa ikalabing-pitong palapag ng *Nuestra Señora Building*.

Bagaman beinte y nueve na at may sariling kompanya, hindi niya kailanman naranasan ang mamasukan sa totoong stable at malaking kompanya.

Kaga-graduate pa lamang niya sa kolehiyo sa kursong Mass Communications nang maganap ang trahedyang gumimbal sa kanilang pamilya. And she was only twenty-two when became a mother to Euls and Hugh. Besides, what she really wanted was to be a stage actress.

Mapait siyang ngumiti. Pangarap na lang iyon ngayon.

With the help of her parents, she raised the twins. Pero noong dalawang taon na ang kambal ay na-diagnose na may breast cancer ang mama niya.

Ilan sa kanilang mga ari-arian ay naipagbili dahil sa laki ng gastos sa pagpapa-chemotherapy nito. Ang natira na lamang sa mga iyon ay ang bahay na tinitirhan nila ngayon.

Ang masakit, pagkamatay ng ina ay sumunod kaagad na pumanaw ang ama niya pagkalipas ng limang buwan. Hindi nito nakayanan ang matinding kalungkutan at inatake ito sa puso.

Naiwang mag-isa si Brim, bitbit ang responsibilidad sa dalawang anak. Noong una, akala niya ay hindi niya kakayanin ang lahat. Walang gabi na hindi siya umiiyak habang hawak ang larawan nilang apat. Siya, ang kanyang mama at papa… at ang bunsong kapatid na si Lena na nagpakamatay matapos makatanggap ng sulat mula sa nobyong nasa ibang bansa na hindi na ito makakauwi dahil magpapakasal na umano sa anak ng amo nito.

Isang gabi, nakita nila itong naghihingalo sa loob ng silid nito, naglaslas ng pulso. Hindi na ito nakaabot sa ospital dahil sa kotse pa lamang ay binawian na ito ng buhay.

Ngunit bago ito pumanaw ay may kung anong bagay na inilagay ito sa kamay niya.

"Ingatan mo ito…" ang huling tinuran nito.

Isang pendant iyon na kalahating puso ang disenyo. Halatang may kapareha. May naka-engrave doon na letter M.

Inisip niyang bigay iyon ng dating kasintahan

nito dahil Manuel ang pangalan niyon. Ganoon nito kamahal ang lalaki.

Mula noon ay iningatan niya ang naturang pendant bilang alaala ng mahal na kapatid. Ginawa niyang lucky charm iyon dahil iniisip na naroroon ang puso ni Lena.

Napakurap nang sunud-sunod si Brim para pigilan ang luhang nagbantang sumungaw sa sulok ng kanyang mga mata.

“Sh*t!” nasambit niya at pinahid ang luhang hindi naagapan at nalaglag na pala sa kanyang pisngi.

“I beg your pardon?” anang baritonong tinig na nagmula sa kanyang tagiliran.

Bigla siyang napaangat ng tingin. And she saw a formidable, unapproachable and intimidating man wearing a dark double-breasted suit. He was handsome, too. And virile. And sexy.

Kunot-noo na tumikhim ang lalaki. Napakurap uli siya kasabay ng pamumula ng magkabilang pisngi.

“W-what?” Gusto niyang pagalitan ang sarili dahil sa pagpiyok ng tinig. “Sh*t!” Kailan pa siya

naging mahiyain?

"There's that curse again," anito na lalo yatang dumilim ang mukha.

"I… I'm sorry. T-that wasn't for you." Hindi alam ng dalaga na nasabi pala niya iyon nang malakas.

Amusement lit his face. Humalukipkip ito. "So, you have a habit of talking… cursing, I should say, to yourself? What is it? Nag-aaway kayo ng anino mo?"

Napataas ang isang kilay ng dalaga. Pinalalabas yata ng lalaking ito na nababaliw na siya!

Ang hindi alam ni Brim, hindi mapigil ng binata ang maaliw sa kanya. Aminin man nito o hindi, he found the  lady too sexy even if she was crying and cursing at the same time. He was amazed that he felt distracted by her presence, samantalang mainit ang ulo nito kanina bago lumabas ng opisina.

"Pardon me for saying this, Mister. But I think, it is none of your business if I wanted to talk to myself…"

Napailing siya. *Ah, I did not come here to fight with anyone regardless of how rude that man be. And cute.  And sexy.  And hawkish. And….*

"Oh, sh*t!" malakas na nasambit niya. Nagre-recite na naman kasi ang isip niya ng mga katangian ng kaharap.

Nakita niyang tuluyan na itong napangiti.

"That was the third time."

Nasa ganoon silang pag-uusap nang bumukas ang pinto ng malaking silid at nagsalita ang sekretarya.

"Mr. Dantes, Miss Lorraine is on the phone again. She said she'll jump from her room's window kapag hindi mo siya kinausap."

Maang na napatitig si Brim sa lalaki nang marinig kung ano ang pangalan nito. Dali-dali niyang tiningnan sa papel na ibinigay ni Melinda kung sino ang taong kakausapin niya para *ligawan*.

*Mr. Dominic Dantes. Vice-President and overall in-charge for circulation of Nuestra Señora Chemical Industry.*

"Oh, sh*t!"

# 2

Hindi magawang humakbang palapit ni Brim habang nakatayo sa gitna ng carpeted na opisina ni Dominic Dantes.

Ilang minuto nang nakapasok sa loob ang lalaki bago siya pinasunod ng sekretarya nito.

Dominic was sitting behind a large oak desk. His profile was almost hawkish as he read down at the paper on his desk. Nang tingnan iyon ng dalaga ay nakita niya ang kanyang resumé.

"Sit down."

Napapitlag siya. Gustong manginig ng kanyang mga tuhod, pero tinatagan niya ang sarili. Hindi na niya kasalanan kung tinarayan niya ito kanina.

Pero nakaramdam din siya ng lungkot. She needed this project badly. Halos mauubos na ang savings niya sa kakaabono sa pasahod kina Melinda at Aling Kristeta, sa pagbabayad sa kuryente at telepono sa kanyang opisina, dahil halos pulos maliliit na proyekto lamang ang nakukuha nila, na ipinapagawa rin niya sa ibang kompanya.

The future of her business would depend on this meeting. Kapag nakuha niya ang kontrata para sa *Nuestra Señora Chem*, magiging de-kalibre ang kanyang kompanya.

*Nuestra Señora Chem* was one of the top twenty-five companies in the Philippines.

Bumuntong-hininga ang dalaga bago humakbang at naupo sa silyang nakaharap sa mesa ng lalaki. Itinaas niya ang noo matapos magde-kuwatro kahit ang totoo ay halos mabingi siya sa lakas ng kabog ng kanyang dibdib.

"Brigitte Marie Geronimo. What a beautiful name. What do your friends call you?" tanong ng lalaki kasabay ng pagsasara ng folder ng kanyang resumé.

Sa tingin ni Brim, nasa sulok pa rin ng mga labi nito ang tila amused na ngiti. Parang pinagtatawanan siya nito.

Dahilan kaya muling nabuhay ang inis sa dibdib niya.

"My friends call me 'Brim.' But I prefer to be called 'Miss Geronimo' by others, Mr. Dantes."

Tumaas ang isang kilay ni Dominic, pero hindi

naalis ang nang-aasar na ngiti. Sa ginawi nito ay lalong nagpainit sa kanyang ulo.

"I presume you have already scrutinized me, Mr. Dantes. And it looked like I amused you enough. So, now, shall we get down to business? You can read my proposal and quotations if you want."

Nakita niya ang tila pinipigil na ngiti sa sulok ng mga labi ng lalaki. Gayunpaman ay hindi nito pinatulan ang pagtataray niya.

And she thanked God for that. *What's happening to you, Brim Geronimo?* Hindi niya ito dapat tinatarayan, instead, she should be saying only good things to please him.

Binuksan nito ang folder ng kanyang proposal. Kinabahan siya nang tumingin ito sa kanya, bahagyang may kunot ang noo.

"I think there's something missing here," anito.

Napaunat sa pagkakaupo ang dalaga, kandahaba ang leeg sa pagtingin sa folder na nasa ibabaw ng mesa nito.

"Proposal and quotations lang ang mga ito. Wala ang sinasabi mong sample."

"Oh, I'm sorry. Baka naiwan dito." Dali-dali

niyang dinampot ang malaking bag na nakalapag sa carpeted na sahig at binuksan iyon.

Sa dami ng mga folders na nasa loob ng bag at sa pagkataranta, tatlong folders ang kanyang nahugot at sabay-sabay na bumagsak sa sahig. Nagkalat ang mga papel sa loob ng mga iyon.

Muling tumaas ang mga kilay ni Dominic habang pinapanood ang natatarantang babae sa pagdampot sa mga nagkalat na papel.

*Clumsy,* anang isip nito. *But she's also very… sexy.*

Napailing nang lihim ang binata. Hindi niya maipaliwanag ang nararamdaman sa mga sandaling iyon. Walang duda, she appealed to him enough to make him temporarily forget the throb in his temples.

Kahit ang nakakarinding pagsigaw-sigaw ni Lorraine kanina sa telepono habang nagbabantang magpapakamatay ay sandali niyang nakalimutan habang tinititigan ang babae sa kanyang harapan.

Everything about her caught his interest. From the tip of her shiny long black hair down to her shoes.

And he noticed she had a perfect pair of legs, too.

Hindi sinasadya, bigla niyang naramdaman ang tila pagkabuhay ng kanyang pagkatao.

"Damn!" mahinang sambit ni Dominic, sabay ayos ng upo sa kanyang executive chair. Napade-kuwatro siya na para bang maiipit niyon ang bagay na tila gustong kumawala.

Biglang napaangat ng tingin si Brim pagkarinig sa pagmumura ng lalaki.

Naibaling ng binata ang tingin sa glass wall ng silid sabay lagay ng dalawang daliri sa tapat ng bibig, kunwari ay nag-iisip ito.

Akala niya ay nagmura ito dahil sa tagal ng kanyang pagkilos kaya minadali na niya ang pagdampot at paglalagay niyon sa ibabaw ng mesa ng lalaki.

"H-here it is, Sir." Gusto na niyang lumubog sa kinatatayuan. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit *nagkakalat* siya. Kahit naman hindi kalakihan ang kanyang kompanya, sanay siyang makipag-usap sa mga tao, mayaman man o mahirap.

At kadalasan, hindi nagtatagal at nakukuha naman niya ang trabaho sa maiksing pag-uusap.

Ano ba ang mayroon ang lalaking ito para

*mawala* siya sa sarili?

Hindi muna binuksan ni Dominic ang folder, bagkus ay walang kakurap-kurap na tinitigan siya. "I'll be honest with you, Miss Geronimo. I don't know your company. I only allowed this meeting because my secretary suggested giving your company a try. Nagpagawa na raw sa inyo ng advertisement or signage ang boyfriend niya na may-ari ng isang kainan sa Timog. Anyway, she wrote your name on the list. So here you are now. Don't let my secretary down. You owe it to her."

Talagang magpapasalamat siya sa sekretaryang nasa labas dahil sa kaalamang iyon. Hindi pala sa e-mailed message na ipinadala niya kaya nakuha ng *Double E Advertising* ang atensyon ng *Nuestra Señora Chem*, kundi dahil dito.

Natatandaan niya na nagkaroon nga siya ng kliyenteng nagpagawa ng Panaflex signage sa bandang Timog. Halos isang dipa lamang ang laki niyon. At sobrang binarat siya niyon sa presyo.

Nagalit nga noon si Melinda, sinabihan siya na huwag pumayag sa pambabarat ng customer na iyon. Pero pinagbigyan niya at ito ang naging kapalit niyon.

Not bad.

"I'm waiting," anang tinig na pumukaw sa pag-iisip niya.

Napakurap siya at napatitig sa lalaki. Lihim niyang pinagsisihan iyon; mahirap palang ma-hook sa nakakabighaning mga mata ng lalaking kaharap niya. Para siyang nahuhulog sa kawalan.

"I love the way you stare at me, Miss Geronimo. But you can't expect me to give you the project just because you have a lovely way of staring at me."

Pakiramdam ni Brim ay namula na naman ang buong mukha niya dahil sa hiya. Gusto niyang isumpa ang sarili dahil sa mga katangahang pinaggagagawa ngayon.

*This is it! Enough is enough!* Tumikhim siya at nagsimulang magsalita, "A-according to my study, your company, *Nuestra Señora Chemical Industry* always appealed to a more sophisticated customer."

Tumangu-tango si Dominic pero hindi nagsalita.

"I saw the series of your ads in prints and video. The models you used were all mestizos. The venue was high-class subdivision's kitchen and all."

"Was that bad?"

Unti-unti na niyang nakakalimutan ang kapalpakan kanina at nagsisimula nang bumalik ang *totoong* siya—smart and witty.

"No one can tell but you, Sir."

Tumaas ang isang kilay ni Dominic.

"Malakas ho ba ang benta ng produkto because of those ads? If it isn't bad, I think my presence isn't needed here. And you're not going to waste your time listening to a small ad company's proposal."

Hindi ito nakasagot, muling tumangu-tango. Hindi man aminin, unti-unting nakukuha ng babae ang respeto ni Dominic.

"So, what do you have in mind for *Nuestra Señora*?"

"I want to capture middle and lower-class chain with a twist," derechong hayag niya.

"Okay?" he said encouragingly, waiting to hear more from the beautiful woman in front of him. Hindi niya namamalayan na habang nagsasalita si Brim ay wala siyang kakurap-kurap sa pagkakatitig sa mapula at magandang labi nito.

It looked so soft… He wondered what it would taste like. Napailing ang binata. Bakit iyon ang

naiisip niya gayung ang dapat niyang pagtuunan ng pansin ay ang negosyo?

At hindi pa natatapos ang problema ni Dominic kay Lorraine para magawang pumansin ng ibang babae.

“The way I see it, kailangan n’yo ng ad campaign with mass appeal. Something that will make *Nuestra Señora’s* products seem friendly, affordable and fun.”

“Fun?”

“Yes.”

Napangiti si Brim. “I want you to please look at the samples and designs that I prepared for *Nuestra Señora*.” Itinuro pa niya ang folder na nasa ibabaw ng mesa ng binata habang ipinapaliwanag dito ang mga ideas niya.

# 3

Kitang-kita ni Brim ang panlalaki ng mga mata ni Dominic habang tinitingnan ang folder niya, pagkatapos ay napakunot-noo ito.

Nanlaki rin kanyang ang mga mata nang makita kung ano ang tinitingnan ng binata. Sa halip kasi na sample ng ads ay brochure ng iba't ibang uri ng bra, panties, garter belts, at striptease accessories ang naroroon. *Go wild with undies*, ang titulong nakalagay sa itaas ng brochure. Bago pa niya maagaw ang folder, nakita na ng lalaki ang lahat ng naroon.

She cleared her throat, hindi makatingin sa binata nang magsalita. "Ah, M-Mr. Dantes, I can explain."

"Kasama ba ito sa ipapasuot sa models natin?"

Napahawak siya sa noo. "H-hindi ho. I have given you the wrong folder."

"Siguro nga." Isinara nito ang folder pero hindi ibinalik sa kanya. Napatitig uli ito kay Brim. And what he was seeing was an innocent-looking woman who looked eight years younger than her real age… who carried a brochure of erotic undies.

Lalo itong naintriga sa babae.

---

Gustong umiyak ni Brim sa sobrang frustration. Hindi niya alam kung alin sa dami ng mga kapalpakang nagawa niya kanina ang dahilan kung bakit hindi kaagad nagdesisyon si Dominic tungkol sa kanyang proposal.

*"I'll discuss this with the boss. Then my secretary will give you a call about the outcome of your proposal."* Parang sirang plaka na paulit-ulit iyong bumabalik sa pandinig niya.

Basta ganoon lang. Ipatatawag daw siya, walang kasiguruhan. Nakabitin tuloy siya sa ere.

*Kasalanan ng brochure na 'yon, eh…* himutok niya sa isip. O mas kasalanan niya dahil hindi niya nagawang ipaliwanag nang mabuti kung bakit may dala-dala siyang ganoong uri ng pamphlet?

*"S-sideline ko ho 'yan," kandabulol na sagot niya kanina.*

*"Nagbebenta ka ng erotic undies?" nakataas ang isang kilay na tanong ni Dominic.*

*"S-sort of."*

*Kumunot ang noo nito. “Sort of? What do you mean sort of? Nagbebenta ka ng erotic undies and striptease accessories o hindi?”*

*“H-hindi.” Oh, boy! Paano ko ba ipaliliwanag?*

*Nakita niya ang pagkalito at pagdududa sa guwapong mukha ni Dominic.*

Pagkatapos niyon ay sumeryoso na ito at isinara ang mga folders na nasa ibabaw ng mesa.

Wala nang nagawa si Brim kundi ang magpaalam dahil tinapos na nito ang meeting.

“Eh, ano ba kasi ang dapat kong sabihin?” malakas na sabi niya kahit nag-iisa lamang sa kotse. Pabalik na siya sa opisina at katulad kanina, naipit na naman siya ng traffic. “Talaga namang hindi ako nagbebenta ng mga erotic undies. Kasama ’yon sa package ng bridal shower service namin.”

Bukod sa pagiging owner ng isang advertising company ay nagsa-sideline din si Brim bilang coordinator sa isang kompanyang nagha-handle ng mga bridal showers sa mga taong malapit nang ikasal.

*Kung bakit kasi hindi mo ipinaliwanag agad ’yon kay Dominic Dantes!* sumbat ng isang bahagi ng isip

niya.

"Eh, sa hindi ko nga naisip ipaliwanag agad. Besides, wala naman iyong kaugnayan sa trabahong ino-offer ng *Double E Advertising* sa company niya." Pakumpas-kumpas pa ang isang kamay niya habang nagsasalita.

Nang mapansin ang ginagawa ay napahilamos siya sa mukha.

*Oh, God! Nagsasalita na rin akong mag-isa!* parang hindik na hindik na pansin ni Brim. *Oh, Lord!*

---

Nakauwi na si Melinda samantalang si Brim ay naghahanda para sa pag-alis. Hindi siya matapus-tapos sa pagbibilin sa kasambahay habang kausap ito. Naroon sila sa kusina.

"Kayo na ho ang bahala sa mga bata. Puwede n`yo hong kuwentuhan muna sila ng isang istoryang pambata para makatulog. Pag tulog na ho, eh, saka na kayo bumalik sa silid ninyo. Pasensya na ho talaga, Manang."

May bridal shower siyang pupuntahan at ngayong gabi ang naka-schedule niyon sa isang kilalang condominium.

"Wala namang problema sa akin kung tatabihan ko sa pagtulog ang mga bata. Alam mo namang mahal ko ang dalawang iyon na para ko nang mga apo," nakakaunawang sabi ni Aling Kristeta. "Ang inaalala ko lang ay ikaw, Brim. Halos hindi ka pa nakakaupo buhat sa pagtatrabaho ay heto't aalis ka na naman para sa isa pa. Hindi ka ba napapagod na bata ka?"

Saglit na natigilan si Brim. Na-touch siya sa pag-aalala ng matandang babae.

Kailan nga ba iyong may huling nag-alala para sa kanya?

Hindi na yata niya matandaan. Ang alam niya, magmula nang mangyari ang trahedyang iyon sa kanilang pamilya, napunta na sa balikat niya ang pag-aalala para sa mga ito.

Mula sa kanyang kapatid na si Lena hanggang sa pagkamatay nito, sa pagkakasakit ng cancer ng kanyang ina na naging sanhi ng paglisan nito sa mundo, at ang kanyang ama na pumanaw na rin pagkatapos mawala ang asawa.

Ang masakit, hindi roon natapos ang paghihirap niya. Ang totoo, simula pa lamang iyon dahil kailangan niyang haraping mag-isa ang buhay

kasama ang kambal.

Natatakot din siya. Natatakot na baka hindi na niya kayanin ang mga pagsubok. Natatakot na baka isang araw ay bumigay na lamang siya at umayaw nang lumaban sa buhay.

Napahinga siya nang malalim. Minabuti niyang magsepilyo at baka maging emosyonal siya.

"Bakit kasi hindi ka mag-asawa uli, ineng? Para may makatulong ka sa pagpapalaki sa dalawang bata. Bata ka pa at napakaganda."

Saglit na natigil sa pagsesepilyo sa lababo si Brim nang marinig ang sinabi ni Aling Kristeta.

"Sino naman ho ang papatol sa tulad kong dalagang-ina?" nakangiting tanong niya nang matapos magsepilyo.

"Bakit wala, eh, maganda at sexy ka. Matalino pa. Moderno na ang panahon ngayon. Hindi na mahalaga ang nakaraan ng isang babae basta tunay kang minamahal ng lalaki. Tatanggapin at tatanggapin ka niya kasama ang nakaraan mo."

"Ang problema, Manang Kris…" Naupo siya sa isa sa mga silya sa dining set at nagsimulang maglagay ng makeup, "… may ganoon pa bang lalaki ngayon?

Iyong tunay na magmamahal sa tulad ko at hindi sex lamang ang habol?"

Hindi mabilang ang mga lalaking nagpakita ng interes kay Brim sa loob ng pitong taon. They went out on a date, promised her marriage and all. Ngunit pag ipinagtapat niya ang tungkol sa dalawang bata ay nag-iiba na ang ihip ng hangin.

Hindi naman kaagad nawala ang mga lalaking iyon. They kept dating her. Ngunit pansin na pansin niya ang pag-iiba ng trato sa kanya ng mga ito.

The gentleman façade was gone. The promises of marriage and future with her vanished. But one thing remained; ang kagustuhang maikama siya.

Sinabi nga ni Aling Kristeta, maganda at sexy siya. Parang nakakapanghinayang sa mga lalaking iyon na hindi muna siya 'matikman' bago siya talikuran at humanap ng babaeng 'mas karapat-dapat' na iharap sa altar.

Di-sinasadyang napabuntong-hininga si Brim.

"Ang lalim n'on, ah," nakangiting komento ng katulong. "Nakakalunod."

Wala siyang masabi kaya napangiti na lamang. Kung maaari sana niyang ibahagi sa matanda ang

nilalaman ng kanyang isip at dibdib….

Kunsabagay, nang maganap ang pangyayaring iyon ay alam na niyang magiging mahirap ang kanyang susuungin. Ngunit noon ay naririto ang kanyang mga magulang, kaagapay niya. Hindi niya akalaing iiwan din siya ng mga ito sa napakaagang panahon at kakailanganing mag-isa siyang humarap sa mga pagsubok.

Naputol ang daloy ng pag-iisip niya nang tumunog ang telepono.

"Ako na," boluntaryo ng matandang babae.

Tumango siya at ipinagpatuloy ang paglalagay ng makeup.

"Brim…" Tinakpan nito ang receiver ng telepono, "Lalaki. Hinahanap ka."

"Sino daw ho?" Nagli-lipstick na siya.

"Dominic Dantes daw ang pangalan niya. Pero kaboses siya ni Dingdong Dantes, ha."

Napanganga si Brim.

# 4

"H-hello?"

"Hi!" anang baritonong tinig sa kabilang linya.

Parang napunta sa lalamunan ang puso ni Brim. Napalunok siya nang maraming beses para makapagsalita.

"N-napatawag ka, Mr. Dantes?"

Narinig niya ang pagtawa nito. Hindi niya napigilan ang mapapikit. Para kasing tukso na nabuhay sa balintataw niya ang nakakabighaning ngiti nito.

"Parang hindi ka masayang narinig ang boses ko." Pinalungkot nito ang tinig na kunwa ay nagtatampo. Pero tumawa rin kaagad ang kausap para ipaalam sa kanya na nagbibiro lamang ito.

"M-may maipaglilingkod ho ba ako sa inyo, Mr. Dantes?"

"Oh, please, wala naman tayo sa office ko and we're not going to discuss business kaya tanggalin muna natin ang formality. Please call me 'Dominic.'"

Muling napalunok si Brim. Tama ba ang naririnig niya? Ang suplado at antipatikong lalaking nakilala niya kaninang umaga, nakikipag-usap sa kanya as if close friends sila?

At kung papakinggan ang paraan ng pagsasalita ni Dominic ay parang nagpapa-cute ito. Masyado kasing nakakakilig ang timbre ng boses nito ngayon habang nagsasalita.

"K-kung hindi business ang dahilan ng pagtawag n'yo, Mr.—I mean, Dominic… ay ano?"

"I just wanted to apologize. Masyado akong seryoso kanina."

Siguro ay marami lang itong problema. Naalala niya ang babaeng nagngangalang Lorraine na tatalon daw sa bintana kapag hindi nito kinausap.

Narinig niyang tumikhim muna ito bago muling nagsalita. "I was wondering if we could see each other again—"

"Sige ho," napabilis na sagot niya. Nabuhayan siya ng loob na baka binibigyan siya nito ng isa pang pagkakataon para makuha ang kontrata para sa *Nuestra Señora*. "I'll make sure I'd bring the right folder this time. I know you'll be impressed with our designs—"

“It’s not about the job, Brim. I mean you and me on a dinner date,” pagtatama nito.

Parang may nagtambulan sa dibdib ni Brim. Her knees suddenly felt like marshmallows. “D-date?”

“Yes. That is… kung walang magagalit. And based on your file, you’re single. And so am I. Unless, may boyfriend ka at present na magbabawal sa ’yo.”

Nagitla siya. “Ganyan ka ba talaga, Mr. Dantes?”

“Mr. Dantes na naman.” Tumawa ito. “At ano’ng ibig mo sabihin sa ganyan ba ako talaga?”

“Napakaprangka mo. At napakabilis. Unang pagkikita pa lang natin kaninang umaga, we don’t know each other well. And here you are, asking me out for a date?”

“Kaya nga kita niyayaya para magkakilala tayong mabuti. Besides, we’re both at the right age. You are twenty-nine and I’m thirty-three. Hindi na tayo mga teen-agers na kailangan pa ng consent ng parents. At kakain lang naman tayo sa isang disenteng restaurant.”

Brim shivered from head to toe and she felt numb.

A date with Dominic Dantes? The man with

a million-dollar smile and holder of the fate of her business?

Ngunit dagli siyang natauhan nang maalala ang mga lalaking nanligaw at nakipag-date sa kanya noon.

Noong una ay nasasaktan siya, iniiyakan pa niya ang naging kalabasan ng pakikipaglapit sa mga ito. Ngunit nasanay na siya dahil tapos na ang mga araw na iyon. Besides, wala na siyang nakilalang lalaking naka-attract sa kanya kaya hindi na nakikipag-date pa.

But now, a man she was attracted to was asking her out. Hindi niya alam ang sasabihin.

"Brim?" Nag-alala si Dominic na baka binabaan ito ng telepono ng kausap. Dead silence was not the usual response he got when he asked a lady out. First time ito.

"I'm sorry, Mr. Dantes. Pero may anak na ako. Dalawa," pagtatapat niya.

Napakunot-noo ang binata sa kabilang linya. "But your resumé says there you're single."

"Yeah. Single nga ako, pero may mga anak. Hindi ka pa ba nakakakita ng single mom? Well, I'm one

of them. So, count me out. Humanap ka na lang ng ibang babaeng ide-date. Anyway, thanks for asking. 'Bye."

Napapikit si Brim nang ibaba ang receiver sa cradle.

---

Dominic stared at the phone in amazement, his eyes wide.

*She hung up on me? She turned me down and hung up on me?* Hindi siya makapaniwala. At nalilito rin siya sa sinabi ni Brim na may anak na ito.

Wala iyon sa hitsura ng babae.

Lalo siyang naintriga kay Brim Geronimo. He spent most of this afternoon thinking about her. Alam niya, may chemistry sa pagitan nila ng dalaga.

*Dalagang-ina*, pagtatama ng isip niya.

Parang ayaw iyong tanggapin ng kanyang puso.

Kanina pa niya inamin sa sarili na ibang klaseng babae si Brim. She had distracted him from the thought of Lorraine, distracted him from work.

At ang pinakamahalaga, tila attracted din ang dalaga sa kanya. Halata iyon sa pagkataranta nito sa

kanyang harapan. Na hindi magawang tumitig nang matagal sa mga mata niya.

Nagpunta siya sa mini-bar ng kanyang opisina at nagsalin ng alak sa kopita saka nilagok iyon. Parang sasakit ang ulong naisuklay niya ang mga daliri sa buhok. Ang hindi niya maintindihan ay kung bakit parang hindi ang kanyang pride kundi ang puso niya ang nasasaktan sa derechang pagtanggi ni Brim sa imbitasyon niya.

---

"Brim!"

Napaigtad ang dalaga dahil sa tinis ng tinig na iyon. And she had been hearing that voice for the last six months now. Kasing-tagal ng pagiging coordinator niya for bridal showers sa kompanya nito.

Dali-daling lumapit si Brim kay Suzaine Manzano, isang wedding planner at ang may-ari ng *Wedding & Romance*, isang kompanyang nagha-handle ng lahat ng uri ng activities na may kinalaman sa weddings.

Una siyang nagtrabaho sa kompanya ng babae bilang part-time assistant nito. At ngayong gabi ay gaganapin ang bridal shower ng isang socialite na ikakasal sa isang politiko.

"Yes, Suzaine?" Kinailangan niyang isigaw ang pagsasalita dahil masyadong malakas ang tugtog sa loob ng pad na kinaroroonan nila sa Makati.

"Ano'ng 'yes, Suzaine' ka d'yan? Bakit wala pa ang male stripper na ini-hire mo?"

Sasagot sana siya nang mabunggo ng isa sa mga bisitang babae. Lumugwak ang alak na nasa hawak nitong kopita.

"Oops, sorry!" anito, saka humagikgik at pasayaw-sayaw na dumaan sa harap nila.

Maagap siyang napahawak sa braso nito nang makitang tila matutumba ito dahil sa kalasingan. Napatingin siya sa malaking relo na nasa dingding.

Mag-a-alas-diez pa lang at kasisimula ng party ay lasing na ang halos kalahati sa mga bisitang babae.

Nasa gitna ng mga nagtitiliang babae ang future bride. Hindi man niya naririnig ang pinag-uusapan ng mga ito—base sa paraan ng pagtili at paghaharutan ng mga ito—naisip niyang lahat ay nasasabik na sa pagdating ng male stripper na kasama sa package sa kasayahang nagaganap.

Bagaman si Brim ang kumontak at kumuha sa serbisyo ng performer ay si Suzaine din ang may

kakilala rito.

Noong unang linggo niya sa kompanya at unang beses na nasabak sa isang wedding shower ay na-shock siya nang makita ang isang macho at guwapong lalaki na gumigiling sa gitna ng kasayahan. Lalo na nang unti-unti itong nagtanggal ng saplot. Mabuti na lamang at abala at nagkakagulo ang lahat sa ginagawang pagtatanghal ng lalaki kaya walang nakapansin sa panlalamig at pagkatulala niya.

She was already twenty-nine but that was the first time she saw a naked man dancing erotically to a sea of shrieking women.

"Brim, don't just stand there," malakas na utos ni Suzaine. "Call Gardo and tell him he should be here within five minutes or else I will not get his services anymore."

Tumango siya at tumalikod kasabay ng pagbunot sa cellphone na nasa bulsa ng kanyang pantalon.

Habang idina-dial ang numero ng lalaki ay napalingon uli siya nang marinig ang panibagong bugso ng mas malakas na tilian. One of the bridesmaids danced, modeling a very sexy black lingerie.

Napailing si Brim at itinuloy ang pag-dial. Unattended ang nakuha niyang tugon mula sa

recorded na boses ng operator.

Inulit niya ang pag-dial at humarap sa mga nagkakasayahang babae.

Usually, she enjoyed these bridal showers. The women were usually in the mood for having fun and spending money.

Pero ngayon, parang routine na lamang sa kanya ang ginagawa. Hindi man personal na gusto ay kailangan niya ang trabahong ito. Malaki-laki rin ang bayad na ibinibigay sa kanya ni Suzaine sa halos isang linggong preparasyon at isang gabing actual party.

Ganoon pa rin ang nakuha niya sa ikalawang pagtawag sa numero ng cellphone ng lalaki. Ida-dial pa lamang uli niya ang numero nang may mag-doorbell.

*Baka si Gardo na 'yon…* At dali-dali siyang nagtungo sa pinto at binuksan iyon.

Upang matulala lamang sa kanyang napagbuksan.

"Dominic?"

Kay ganda ng ngiti ng binata habang nakatayo sa labas ng pinto. "Hi!"

"Ano'ng ginagawa mo rito?"

“Looking for you.”

Napalunok siya. “B-bakit?”

“Baka ’ika ko kailangan mo ito.” Itinaas nito ang brochure ng erotic undies. “You left it in my office.”

Blushing, Brim snatched the pamphlet from him. “P-paano mo nalamang narito ako?”

Sasagot pa lang sana si Dominic nang biglang may tumili mula sa likuran nila. “He`s here!”

Suddenly, he was yanked inside the pad, sa gitna ng halos mga lasing ng babae.

Halos nasadsad si Brim sa pinto nang daanan siya ng mga babae at hilahin papasok ang binata.

They danced around him, bumping and grinding, exuberantly singing along with the sexy song playing.

“Hey! Wait!” sigaw ni Dominic, trying to jump from a half-drunk woman who started unbuttoning his polo shirt.

Lalo iyong nagpa-wild sa mga babae. “Come on, take it off! Take it off!” sigaw ng isang babaeng nasa late thirties.

Napapailing si Brim habang pinapanood ang mga ito. Hindi siya makapaniwalang may ganoong

wild side ang mga ito. Ang iba roon ay kilala niyang sobrang disente at poised kapag nagpupunta siya sa opisina ng mga ito.

Napaunat siya sa pagkakatayo nang makitang ang butones naman ng pantalon ni Dominic ang pinipilit buksan ng mga babae at tanggal na ang pang-itaas ng binata. Doon na siya pumagitna.

"Ladies! Ladies!" Halos iharang niya ang sarili sa katawan ni Dominic. "He's not Gardo! He's not the male stripper that we're expecting!"

"Who cares!" sigaw ng isang babae. "He's a hunk!"

"But he's my boyfriend!" naisip na lamang niyang sabihin para tigilan ng mga ito ang binata.

Sa wari ay effective ang sinabi niya dahil biglang natigil ang commotion. Parang may nagalit at nanghinayang.

Nasa ganoon silang sitwasyon nang dumating ang tunay na male stripper. Dahil naiwang nakabukas ang pinto ay tuluy-tuloy na itong pumasok.

Sa wari ay nakahanda na ito sa performance na gagawin dahil kalahati ng lahat ng butones ng suot nitong makintab na jacket ay nakabukas na. Exposing

his sculpted chest lightly dusted with dark curls.

Nawala ang ngiti sa mga labi nito nang makita ang topless na si Dominic. Lalo na nang mapatingin sa pantalon ng binata na nagawa palang tanggalin ng isa sa mga babae ang pagkakabutones.

"Sino 'to?" medyo galit na tanong nito, kay Brim nakatingin. Dahil nga siya ang contact nito ay siya ang tinanong.

Si Dominic ang sumagot. "Pare, I'm glad you're—"

Hindi natapos ng binata ang sinasabi dahil nakalapit na si Gardo at bahagya itong nanulak sa balikat. "Parang nakakalalaki ka, ah! Wala bang ibang kumukuha sa serbisyo mo at nanunulot ka sa gig ng may gig?"

Medyo napika si Dominic dahil sa ginawa nitong pagtulak pero nagtangka pa ring magpaliwanag. "Nagkakamali ka—"

"Ikaw ang nagkamali sa ginawa mo. Hindi mo kilala si Gardo, the male stripper extraordinaire."

*Extraordinaire?* Hindi napigil ni Dominic ang matawa dahil sa sinabi ng lalaki.

"Aba't ang g*gong ito't pinagtatawanan yata ako!"

Kinabahan si Brim at tinangkang pumagitan para ipaliwanag sa lalaki ang sitwasyon ngunit umigkas na ang kamao ng nainis na si Gardo.

Huli na para makaiwas siya.

Sapul ang kaliwang pisngi niya!

Pakiramdam niya ay may nagliparang mga ibon sa palibot ng mga mata niya. Pagkatapos ay nagdilim na ang kanyang paligid.

Hindi na niya nakita kung paanong tumilapon si Gardo dahil sa suntok ni Dominic.

Nagtilian ang mga babae lalo na nang tumayo ang stripper at lumaban pa ng suntukan sa binata.

Marami ang nabasag sa mga gamit sa loob ng pad. Duguan ang mukha ni Mr. Male Stripper Extraordinaire. Naputol ang party.

Nagalit ang hostess ng naturang bridal shower at sinabing idedemanda ang *Wedding & Romance* dahil sa nangyari. Galit na galit si Suzaine kay Brim na wala pa ring malay-tao.

Ilang sandali pa at umakyat ang security personnel ng condominium. Inako lahat ni Dominic ang bayarin sa mga nasira.

"Send the bill to this address," nagtatagis ang mga bagang na sabi ng binata kay Suzaine habang ibinibigay ang calling card nito.

Saka lamang tumahimik sa katatalak ang babae nang mabasa kung ano ang posisyon ng binata sa kompanyang nakasulat sa calling card.

Matapos isuot ang nahubad na polo shirt, ang lahat ay napaurong nang buhatin ni Dominic ang wala pa ring malay-tao na dalaga, at ilabas ito ng pad.